BC CANCER BREAST SCREENING
Provincial Health Services Authority

Resulta ng Pagsusuri sa Suso

Notice Date
Exam Date:

Jane Sample
100 Example Avenue
City, Province, Postal Code

Mahal na Jane,

Ang iyong kamakailang screening mammogram at/o kasaysayang klinikal ay nagpapakita na inirerekomenda ang karagdagang pagsusuri. Ang mga karagdagang pagsusuri, tulad ng mammogram at/o breast ultrasound, ay minsang kinakailangan at kadalasang nagpapakita na malusog ang iyong mga suso. Ang maliit na bilang ng mga tao ay maaaring mangailangan ng tissue biopsy. Humigit-kumulang 94 sa bawat 100 tao ang natatagpuang may malulusog na suso. Para sa iilang may kanser sa suso, karaniwan itong natutuklasan nang maaga, kung kailan pinakamabisa ang paggamot.

Iyong Resulta: Inirerekomenda ang Karagdagang Pagsusuri

Mga susunod na hakbang: Ipinadala namin ang inirerekomendang follow-up sa nakatalang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan: Natalie Example. Maaari silang tumulong sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa iyong mga resulta.

Maaaring nakontak ka na ng isang pasilidad ng medical imaging upang mag-book ng appointment. Kung hindi ka makatanggap ng tawag sa loob ng susunod na ilang linggo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong referral. **Kung nakakaramdam ka ng bukol o may iba ka pang mga alalahanin, mangyaring magpatingin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang matukoy nila kung kailangan ang karagdagang mga pagsusuri.**

Densidad ng Suso: Kategoryang BI-RADS B. Pakitingnan ang likod ng liham na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa densidad ng iyong suso.

SABIHIN SA AMIN KUNG KUMUSTA ANG NAGING SERBISYO NAMIN

Ikuwento sa amin ang iyong karanasan sa mammogram. I-scan ang QR code na ito o bisitahin ang screeningbc.ca/breastfeedback upang sagutan ang isang maikling talatanungan. Iugnay ang iyong puna sa appointment sa pamamagitan ng paglalagay ng code na ito: **XXXXXXXXXXXXX.** o iwanan itong blangko at manatiling hindi nagpapakilala. Hindi nito maaapektuhan ang iyong pangangalagang pangkalusugan.

Kung nais mong makatanggap ng talatanungan sa pamamagitan ng koreo, mag-email sa screening@bccancer.bc.ca na may Subject line na: **Breast Questionnaire for XXXXXXXXXXXXX.**

Dr. Charlotte Yong-Hing
Medical Director, Breast Screening Program

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya o nagbago ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mangyaring ipaalam sa amin sa 1-800-663-9203.

Screening Facility:
Sample Mammogram Screening Facility

BC Cancer Breast Screening Program
screening@bccancer.bc.ca
Client Services Centre: 1-800-663-9203

Client PHN #
Notice ID: XXXXXXXXXXXX

SAMPLE

BC CANCER BREAST SCREENING
Provincial Health Services Authority

Resulta ng Pagsusuri sa Suso

Ano ang densidad ng suso?
Ang mga suso ay binubuo ng dalawang pangunahing uri ng tisyu: fibroglandular tissue at fatty tissue. Ang fibroglandular tissue ay mukhang mas dense (mas siksik o solid) sa mammogram samantalang ang fatty tissue ay hindi. Karamihan sa mga tao ay may halo ng dense at fatty tissue sa kanilang mga suso. Ang densidad ng suso ay tumutukoy sa dami ng dense tissue kumpara sa fatty tissue. Ang pagkakaroon ng anumang dami ng dense breast tissue ay normal at napakakaraniwan.

Paano ko malalaman kung gaano karami ang dense breast tissue ko?
Sinusuri ng isang radiologist (isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na sinanay sa pagbasa ng mga scan) ang densidad ng iyong suso gamit ang sistemang tinatawag na Breast Imaging Reporting and Data System (BI-RADS). Ang iyong resulta ng BI-RADS ay nasa harap ng paunawang ito. Tumataas ang densidad ng suso sa bawat kategorya:

BI-RADS A	**BI-RADS B**	**BI-RADS C**	**BI-RADS D**
Ang iyong mga suso ay halos ganap na binubuo ng fatty tissue.	Ang iyong mga suso ay karamihang binubuo ng fatty tissue, na may ilang maliliit na bahagi ng dense tissue.	Ang iyong mga suso ay may halo ng fatty tissue at dense tissue.	Ang iyong mga suso ay halos ganap na binubuo ng dense tissue.

Makikita lamang ang densidad ng suso sa mammogram at hindi ito kaugnay ng laki o pakiramdam ng iyong mga suso. Iba-iba ito sa bawat tao at maaaring mabawasan o magbago sa paglipas ng panahon, lalo na habang ikaw ay tumatanda.

Bakit mahalagang malaman ko ang densidad ng aking suso?

1. Ipinapakita ng pananaliksik na tumataas ang posibilidad ng kanser sa suso kapag mas marami ang dense tissue sa suso. Gayunpaman, maliit lamang ang bahagi ng densidad ng suso sa iyong pangkalahatang panganib. Huwag mag-alala kung mayroon kang dense breast tissue. Karaniwan ito, ngunit maaari kang makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong pangkalahatang panganib sa kanser sa suso.
2. Maaaring mas mahirap makita ang kanser sa mammogram kapag dense ang tissue sa suso. Ang dense tissue ay mukhang puti sa mammogram. Ang mga bukol o tumor ay mukhang puti rin. Ibig sabihin nito, maaaring maitago ng dense tissue ang isang tumor. Kaya mahalagang makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mapansin mo ang anumang pagbabago sa iyong mga suso, kahit na normal ang iyong huling mammogram.

Mayroon bang karagdagang pagsusuri para sa mga taong may dense na suso?
Sa kasalukuyan, wala pang sapat na ebidensiya upang magmungkahi ng iba pang pagsusuri batay lamang sa densidad ng suso. May ilang pag-aaral na nagpapakita na ang mga pagsusuri gaya ng breast ultrasound ay maaaring makakita ng mas maraming kanser sa mga taong may dense breast tissue. Gayunpaman, maaari rin itong magbigay ng mas maraming false-positive na resulta (maling alarma). Ang false positive ay isang abnormal na resulta na lumalabas na normal pagkatapos ng karagdagang pagsusuri (tulad ng biopsy o operasyon). Makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung ang breast ultrasound ay angkop para sa iyo.

Kung dense ang aking mga suso, kailangan ko pa rin ba ng mammogram?
Oo. Ang mammogram ang tanging screening test na napatunayang nakababawas sa mga pagkamatay dahil sa kanser sa suso. Maraming kanser ang nakikita sa mammogram kahit mayroon kang dense breast tissue. Bukod sa regular na mammogram, mahalaga ring malaman kung ano ang normal na hitsura at pakiramdam ng iyong mga suso. Makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung may mapapansin kang anumang pagbabago. Maaari mo ring mapababa ang iyong pangkalahatang panganib sa kanser sa suso sa pamamagitan ng pagpapanatili ng malusog na timbang, pagiging aktibo, paglilimita sa pag-inom ng alak, at pagpapasuso kung maaari. Kung gumagamit ka ng hormone therapy para sa mga sintomas ng menopause, makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga panganib at benepisyo o alamin pa sa screeningbc.ca/breast. Ang dense breast tissue ay isang panganib na salik ngunit hindi ito nangangahulugan na ikaw ay may mataas na panganib sa sarili nito. Kabilang sa ibang mga panganib na salik ang pagtanda, pagkakaroon ng kasaysayan ng kanser sa suso sa pamilya, at ilang namamanang gene variant kabilang ang BRCA1 at BRCA2.

SAMPLE

Resulta ng Pagsusuri sa Suso

Manood ng isang pang-edukasyong video at alamin pa ang tungkol sa densidad ng suso sa screeningbc.ca/breast.

Kung nagbago ang iyong address, mangyaring bisitahin ang addresschange.gov.bc.ca upang i-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC online nang sabay.

Mag-sign up sa Health Gateway (healthgateway.gov.bc.ca) upang makita online ang iyong mga screening

Mahalagang impormasyon, pakisalin.
Ang ilang mga salin ay makukuha sa: screeningbc.ca/notifications.

Français | 中文 | ਪੰਜਾਬੀ | Deutsch | 한국어 | Español | Filipino |فارسی | Tiếng Việt | اللغة العربية | українська мова

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang pakikipag-ugnayan at follow-up, at para sa pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pagkolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, bisitahin ang ScreeningBC.ca.

SAMPLE

BC Cancer Breast Screening Program
screening@bccancer.bc.ca
Client Services Centre: 1-800-663-9203

Client PHN #
Notice ID: XXXXXXXXXXXX